Buwis ng Mamamayan at Lalawigan

Ang Municipal at Prefectural na buwis ay batay sa iyong kita na ibinabayad sa syudad o bayan.

Ang halaga na dapat mong bayaran ay batay sa halaga ng iyong kita mula Enero 1 hanggang Disyembre 31 ng nakaraang taon.

Kung wala kang kita sa nakaraang taon, hindi ka sisingilin ng buwis. Ipinapadala ang mga abiso ng buwis kada taon tuwing Hunyo at karaniwang binabayaran ito sa apat na hulog.

Ang mga takdang petsa ng bayad ay sa huling araw ng Hunyo, Agosto, Oktubre at Enero ng susunod na taon.

Sa ilang kompanya, imbes na apat na hulog, ibinabawas ang buwis mula sa suweldo ng bawat buwan.

Ari-arian Tax sa mga di naaalis na ari-arian

Ang buwis sa tirahan o real property tax ay ang buwis na ibinabayad ng taong nagmamay-ari ng lupa, gusali, at iba pang ari-arian na nasa Shimada City noong Enero 1 ng taong iyon.

Kung magkano ang iyong ibabayad ay ibinabatay sa halaga ng ari-ariang pag-aari mo.

Ang mga deadline ng pagbabayad ay apat na bahagi, na ang unang bahagi ay sa katapusan ng Mayo, ang ikalawang bahagi ay sa katapusan ng Hulyo, ang ikatlong bahagi ay sa katapusan ng Setyembre, at ang ikapat na bahagi ay sa katapusan ng Disyembre.

Buwis ng Magaan na Sasakyan

Ang buwis sa mga lightweight na sasakyan o kei car tax ay ang buwis na binabayaran ng mga taong nagmamay-ari ng mga motorsiklo at mga magaan na sasakyan sa ika-1 ng Abril ng taong iyon.

Magkano ang babayaran ay nakadepende sa uri ng sasakyan tulad ng motorsiklo at magaan na sasakyan.

Sa kung kailan ito dapat bayaran, ang deadline ay sa katapusan ng Mayo ng taong iyon.

Buwis sa Pambansang Seguro sa Kalusugan

Sa Japan, kinakailangan ng lahat ng tao na nasa loob ng bansa na sumali sa health insurance.

Ang National Health Insurance ay isang health insurance na sinasalihan ng mga taong hindi kasali sa social insurance ng mga kumpanya at iba pa, at ang premium para dito ay ang National Health Insurance tax.

Ang National Health Insurance tax ay hindi binubuwisan sa bawat tao, kundi binubuwisan sa bawat sambahayan, at ang tax ay ibinubuwis sa head ng household. Kahit ang head ng household ay miyembro ng social insurance, kung mayroong miyembro ng household na kasali sa National Health Insurance, ibinubuwis ito sa head ng household. Ang halaga ng tax ay batay sa kabuuang kita ng lahat ng mga miyembro noong nakaraang taon at bilang ng mga buwan ng membership. Kahit wala kang kita, mayroong minimum na fee na dapat bayaran na tinatawag na equal share.

Ipinapadala ang tax notice bawat taon sa buwan ng Hulyo.

Ang deadline para sa pagbabayad ay mula sa unang term sa Hulyo hanggang sa susunod na taong Pebrero, at kinakailangan itong bayaran bago matapos ang bawat buwan.

Kung sumali ka o umalis sa National Health Insurance sa kalagitnaan ng taon, kailangan mong magsumite ng isang notice, at ang halaga ng tax ay muling kakalkulahin batay dito.